

LUNSOD NG SAN DIEGO
Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 8



TIM GOMEZ

Sa mga Mamamayan ng Distrito 8:

Ang San Diego ay NANANATILING Pinakamagandang Lunsod ng Amerika!

Ikinararanga ko na tawagin ang Distrito 8 na aking tahanan. Lumaki ako sa mga paaralan ng Distrito 8 at nagtapos mula sa Mataas na Paaralan ng Montgomery. Sa panahon na ang ating komunidad ay humaharap sa maraming mabibigat na hamon at limitadong kakayahan, ang mga mamamayan ng Distrito 8 ay nangangailangan ng pamumuno na pinagsasama ang pananaw, praktikal na karanasan at kakayahang makagawa ng mga mabubuting resulta.

Ako ay naging mapalad na bisitahin ang ibang mga lunsod sa buong bansa. Ang tagumpay ay hindi dumarating sa dami ng malalaking gusali na itinatayo natin kundi sa halaga at kalidad ng buhay para sa mga tao. Kabilang sa aking karanasan ang maraming dekada ng pamumuno sa komunidad at paninindigan sa mga progresibong prinsipyo. Nakapagsanay ako ng beysbol ng kabataan, soccer ng mga batang babae, naglingkod bilang miyembro ng lupon ng isang di-nagtutubong organisasyon at nagkaroon ng sariling negosyo.

Bukas na komunikasyon sa mga mamamayan, kaligtasan ng publiko, mga pagpapahusay ng impraistraktura, edukasyon, mga trabaho at pabahay ang aking uunahin. Ipinangako ko ang matapat na salita at maraming sentido komun kung ihahalal bilang inyong Miyembro ng Konseho. Hindi ako isang pulitiko, isa lamang ordinaryong mamamayan na handang maglingkod sa komunidad na nagbigay na ng napakarami sa akin. Pagpalain ng Diyos ang San Diego.

LUNSOD NG SAN DIEGO
Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 8



KATHY VANDENHEUVEL
Inhinyero Sibil/Pangkapoligiran

Ibalik ang Integridad at Katapatan sa Tanggapan ng Lunsod

- Tapusin ang samaan ng loob na hindi kailangang naghahati sa ating Lunsod
- Igiit ang Buo at Bukas na Pagsisiwalat ng mga pagsusuri ng pananalapi
- Itaguyod ang pananagutan ng pamahalaan sa pamamagitan ng malinaw na pagpapakita ng mga gawain
- Harapin ang krisis sa pensiyon na nagpapakita ng ito ay kailangang-kailangan

Mga Kapwa Manghahalal ng Distrito 8 –

Kailangan nating tumayong magkakasama upang humingi ng paglilinaw ng gawain sa ating Pamahalaan ng Lunsod. Dapat tayong magkaroon ng mga kinatawan na inuuna ang mga pangangailangan ng kanilang mga manghahalal kaysa mga panlabas na interes at mga pansariling adyenda.

Bilang Miyembro ng Konseho, ipinangako ko na **makikinig** at **tutugon** sa mga inaalala ng lahat ng mga manghahalal ng Distrito 8, at magtatrabaho upang ibunsod ang kapaligiran ng **katapatan, pagitiwala, at pagkamagalang sa City Hall**.

Edukasyon/Karanasan

Batsilyer ng Sining sa Inhinyeriya, Unibersidad ng Cornell

Miyembro ng Lupon - Lupon ng Pagsusuri ng mga Mamamayan sa mga Gawain ng Pulisya, Lunsod ng San Diego

Iboto si Vandenheuvel para sa Konseho ng Lunsod Distrito 8!

LUNSOD NG SAN DIEGO
Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 8



MATTHEW MONCAYO

RESPONSABLE SA MGA BOTANTE:

Si **Matthew Moncayo** ay;

- Magbabalik ng paggalang at dignidad sa Posisyon ng Konseho sa Ika-Walong Distrito
- Magdaragdag ng mga Patrol ng Pulis, at mga patrol na mga Mamamayan sa Kapitbahayan
- Ibabalik ang anim hanggang anim na programa para sa ating mga pamilya at daragdagan ang mga oras ng aklatan sa ating distrito.
- Aakitin ang mga Mataas-na-Teknolohiyang negosyo sa Distrito 8. Ang pagpaparami ng mga pagkakataong magtrabaho sa ating mga komunidad ay magdadala ng maraming kita at mapipili para sa ating mga kapitbahayan.
- Papanagutin ang Tanggapan ng Lunsod sa mga residente ng San Diego
- Papanagutin ang Pederal na Pamahalaan para sa pangangalaga ng ating mga hangganan.
- Pahihinain ang loob ng ANUMANG PANLABAS na di-pamahalaang grupo ng tagabantay ng Hangganan na pumasok sa ating mga kapitbahay at maging sanhi ng pagkamuhí at kawalang-kasiyahan.
- Itataas ang mga programa laban sa droga at gang upang gawin ang ating mga kalye na ligtas para sa atin at sa ating mga anak.

Kapitbahay ng Ika-Walong Distrito:

Pagkatapos suportahan at ipagtanggol ang Saligang-batas ng Estados Unidos para sa 20 taon, panahon na upang tuwirang paglingkuran ang aking mga kapitbahay. Hindi ako Propesyonal na Pulitiko, Ako ay isang nagtatrabahong ama, asawa at taga-San Diego na umaasa ng katapatan at paggalang mula sa ating mga inihahalal na opisyal. Ang mga desisyong gagawin ko sa katungkulan para sa atin ay tuwirang makakaapekto sa aking asawa at mga anak at sa inyo ring asawa at mga anak. HINDI KO KAYO BIBIGUIN!

LUNSOD NG SAN DIEGO
Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 8



REMIGIA "REMY" BERMÚDEZ

Pagkatapos ng isang matagumpay na 21-taong karera sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng komunidad at 27 taon ng boluntaryong serbisyo sa komunidad, ako ay naging guro ng edukasyon ng dalawang wika noong 1999. Alam ko ang hinaharap ng mga bata ng San Diego ay nanganganib. Kailangang-kailangan ng Ikawalong Distrito ang pamumuno na may kaalaman, katapatan, prinsipyo at paninindigan na patnubayan ang ating Lunsod sa mahihirap na panahong ito.

Ako ay nakahandang makipaglaban para sa makatarungang kabahagi ng ating mga komunidad sa mga kakayahan ng Lunsod.

Kailangang-kailangan ng Distrito 8 ang masigla, matitirahan at ligtas na mga kapitbahayan. Kailangan nating kumuha ng mga pagkakataon sa pabahay para sa lahat, pahasayin ang impra-istruktura, itaas ang mga serbisyo sa publiko at mga serbisyo ng pulisya at ituon magpokus sa katatagan ng pananalapi ng ating lunsod.

Naiintindihan ko kung paano tumatakbo ang pamahalaan ng Lunsod at iginagarantiya ko na ito pakikinabangan ng ating mga komunidad.

May digring Master sa Pagpapalano ng Lunsod, hinarap ko ang mga lokal at panrehiyong problema, laging nakakalikha ng mga solusyon katulong ang mga residente ng ating kapitbahayan at mga grupo ng mamamayan sa pagpapalano tulad ng Pangkat sa Muling Pagpapasigla ng Sherman Heights, Komite sa Pagpapaunlad ng Otay Mesa, Konseho ng Bayan ng Golden Hill, Puwersang Tagakilos sa Tawirang Hangganang Pangkomersyo ng San Ysidro.

Ang aking karanasan sa pagtataguyod ng komunidad, kasama ang inyong suporta ay titiyak ng inyong presensiya sa Tanggapan ng Lunsod.

Nag-aalay ako ng katapatan, integridad at dedikasyon na maghatid ng serbisyo.

Hayaan ninyo akong maging tinig ninyo.

LUNSOD NG SAN DIEGO
Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 8



BEN HUESO
May-ari ng Negosyo,
Lupon sa Pagpapayo ng Hepe ng Pulisya

Miyembro ng Asembleya Juan Vargas:

"Si Ben Hueso ay nakagawa ng malaking pagkakaiba. Nakipaglaban siya upang ilagay ang mga pulis sa mga kalye, magtayo ng mga parke at paaralan, at muling pasiglahin ang ating mga kapitbahayan. Si Ben ay isang lalaking my integridad at katapatan na laging inuuna ang ating kapitbahayan."

Ben Hueso: Ginagawang Mas Ligtas ang Ating mga Kalye.

- Nakipaglaban para sa isang bagong istasyon ng pulisya at mga napapailalim na istasyon sa komunidad.
- Miyembro, Lupon sa Pagpapayo ng Hepe ng Pulisya
- Tumulong sa pagpapatupad ng Pagbabantay ng Komunidad.
- Lumikha ng mga programang malinis at ligtas na kapitbahayan

Ben Hueso: Ang Karanasang Ating Kailangan

- 10 taon na May-ari ng Negosyo.
- Pangkat sa Kalunsuran ng San Diego: Guro/Tagapagturo para sa nanganganib na mga kabataan.
- Nakatulong na bumuo ng 300+ abot-kaya, de-kalidad na mga yunit na pabahay/nagtayo ng aklatan
- Lider ng grupo ng mga kabataan ng komunidad
- Nag-organisa ng Mga Paglilinis sa Kapitbahayan
- Kiwanian ng Taon
- Hindi Bantog na Bayani ng Channel 10.
- Gantimpala sa Serbisyo sa Komunidad ng KSWB


Ben Hueso: Ibalik ang Pagtitiwala/Gawing Mabisang Muli ang Pamahalaan

- Palakasin ang mga batas sa pagsisiwalat ng kontribusyon sa kampanya/tagalobi.
- Mag-atas ng Pangako sa Etika para sa lahat ng mga pangunahing opisyal.
- Gawin ang pamahalaan na bukas at madaling lapitan.
- Ayusin ang kaguluhan sa pensiyon. Lubos na pondohan ang pensiyon.
- Ayusin ang mga daan at impra-iskultura. Magtayo ng de-kalidad na abot-kayang pabahay.

Nagtapos sa Mataas na Paaralan ng Pt. Loma, tumanggap si Ben ng kanyang B.A. sa UCLA at pumasok sa gradwadong paaralan sa SDSU. Si Ben at Laura Hueso ay may 4 na anak.

Ben Hueso
Inuuna ang Ating mga Kapitbahayan!

LUNSOD NG SAN DIEGO
Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 8



DOUGLAS HOLBROOK

Ang ating Lunsod ay nasa Krisis!! Isang kandidato ang nag-aalay ng mga solusyon na galing sa karanasan ng iba't-ibang larangan:

Abugado ng Litigasyon sa **Holbrook & Bloomfield**, **Miyembro ng Bar ng Estado ng California** mula 1980, dating miyembro ng **Puwersang Tagakilos ng Abugado Heneral sa Proteksiyon ng Tagagamit** at **Komisyon sa Krimen ng San Diego**, isinama niya ang mga kasanayan sa mabisang pagtataguyod sa kakayahang humimok ng pagkakasundo at pagtutulungan.

Dating miyembro ng mga guro sa mga Departamento ng **Agham na Pampulitika** at **Batas ng Negosyo** at maraming unibersidad at kolehiyo, kabilang ang **Unibersidad ng Estado ng San Diego**, **Unibersidad ng San Diego** at ng **Mga Kolehiyo ng Komunidad ng San Diego**, ang kanyang sentido komun na mga paraan ay pinalitan ang panunuksong teoriya ng mga praktikal na solusyon.

Dating miyembro ng Lupong Direktor ng **Konseho ng Komunidad ng Tierrasanta** at **Senado ng mga Guro** ng mga Kolehiyo ng Komunidad ng San Diego, Nakalista sa **Sino ang Sino sa California** at **Sino ang Sino sa Batas ng Amerika**, lahat ay nagpapakita ng kanyang dedikasyon at pagmamalasakit sa mga isyung nakakaapekto sa interes ng publiko.

Naunang itinampok sa **Radio America** bilang nasa-himpapawid na host ng programang ipinamamahagi sa bansa, **Perspectives**, at dito, bilang host ng lingguhang programang usapan tungkol sa payong pambatas, **Legally Speaking**, at kinilala sa kanyang kakayahan na mabilis na matukoy ang mga ugat na dahilan ng mga seryosong problema.

Pamumuno! Katapangan! Katapatan! . . . DOUGLAS HOLBROOK!

Tumulong na makuhang muli ang San Diego!

LUNSOD NG SAN DIEGO
Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 8



DAN COFFEY

Tinalo ang Pagpapalawak ng Brown Field: Ang aking asawang si Pepper Coffey at ako ay namuno sa pakikipaglaban at nagtrabaho bilang boluntaryong mga lider ng mamamayan para sa higit sa dalawang taon kasama ng mga residente, negosyo, di-nagtutubo, at mga komunidad ng mga pananalampataya upang talunin ang mahinang pagpapalawak na pagpapalawak na paliparan ng Brown Field. Ang pakikinig sa mga kapitbahay at pagpapahalaga sa kanilang mga opinyon ay isa sa aking mga pangunahing paniniwala.

Isang Malakas Na Tinig Para Sa Komunidad: Bilang isang boluntaryo at dating miyembro ng Lupon sa Parke at Libangan ng San Diego, hiningi ko ang mas malaking katarungan at pagkakapantay para sa ating komunidad.

May Kaalaman: Nag-aral ng inhinyeriyang kemikal at batas, bilang isang boluntaryo ginamit ko ang aking edukasyon upang suportahan at bigyan ng pakinabang ang buong komunidad. Ako ay dati ring humahawak ng posisyon sa Lupon ng Edukasyon.

Independiyente: Bilang inyong miyembro ng konseho, ako ay magiging malakas, independiyenteng tinig. Haharapin ko ang mga isyu sa pananalapi ng lunsod at malakas na magsasalita para sa komunidad at mga pamilya ng Distrito 8.

Isang plano para sa hinaharap: Nagtatrabahong kasama ng mga miyembro ng komunidad, nakabuo ako ng isang malakas, maprinsipiyong paraan upang harapin ang mahahalagang isyu sa pananalapi ng ating komunidad, itinataas ang mga kakayahan para sa ating komunidad, edukasyon, at paglaki.

Ihalal si Dan Coffey

Isang Malakas na Tinig para sa Distrito 8.

LUNSOD NG SAN DIEGO
Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 8



LUIS ACLE
Presidente, Lupon ng Edukasyon,
Unipikadong Distrito ng Paaralan ng San Diego

LUIS ACLE: Ang taong kuwalipikadong linisin ang Tanggapan ng Lunsod.

LUIS ACLE: Ating kapitbahay sa Distrito 8.

- May-ari ng bahay sa Distrito 8 mula pa noong 1977 na may malawak na paglahok sa komunidad
- Dating guro ng paaralan (Agham, Matematika, Kasaysayan, Espanyol)
- Miyembro, First Presbyterian Church of San Diego
- Ama ng tatlong anak na babae, dalawa ay nag-aaral sa mga lokal na pampublikong paaralan, isa ay nagtapos sa MIT

LUIS ACLE: Walang-Katulad na Kuwalipikado

- Nagtapos, Unibersidad ng Estado ng San Diego, (Chemistry), 1963
- Nagtapos, **Unibersidad ng Standord, MBA**, 1974
- Nakatanggap ng gantimpalang **NASA** at awtor ng patente, 1970
- Buong-buhay na Kredensiyal sa Pagtuturo sa California

LUIS ACLE: Isang solidong rekord ng tagumpay sa propesyon:

Nauna:

- **Tagapamahala ng Pananalapi**, Kagawaran ng Kalusugan, Edukasyon, Kawanggawa ng Estados Unidos
- Katulong na Direktor para sa Public Liaison ng White House
- Tagapayo sa Edukasyon ng Senado ng Estados Unidos

Kasalukuyan:

- Presidente, Lupon ng Edukasyon, mula noong 2004
- Nangampanya upang **ibalik ang pagkakasundo** sa nagkahating Distrito ng Paaralan
- Namuno sa matagumpay na paglipat para sa isang bagong Superintendente
- Ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego ngayon ay **nakabalik sa tamang direksiyon!**

Si LUIS ACLE ay may planong aksyon sa kapitbahay para sa Distrito 8:

- Palakasin ang mga programa pagkalabas ng paaralan, itatag ang walang-drogang mga sonya
- Palawakin ang mga programang laban sa grapiti
- Hadlangan ang pagtatapon ng mga sekswal na maninila, huminigi ng paggalang para sa Distrito 8
- Mas mabutingpabahay, ilaw sa kalye
- Bawasan ang mga bayad sa tubig

LUIS ACLE: Nagdadala ng Katapatan, Integridad, Dedikasyon

LUIS ACLE: Ibabalik ang Tanggapan ng Lunsod sa tamang direksiyon

MANGYARING IBOTO SI LUIS ACLE

Tumawag sa 619-232-6658 LuisAcle@cox.net www.luisaclecampaigncommittee.org

LUNSOD NG SAN DIEGO
Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 8



LINCOLN PICKARD

AYUSIN ANG MGA BUTAS SA DAAN!

GAWING MAS LIGTAS ANG ATING MGA KALYE. PANATILIHING NAKASINDI ANG MGA ILAW SA KALYE.

MAGKALOOB NG SAPAT NA PROTEKSIYON NG PULIS AT BUMBERO.

MAG-ISYU NG CCW'S SA MGA MAMAMAYANG MASUNURIN SA BATAS.

BUKAS NA PAMAHALAAN AT BUKAS NA MGA PULONG UPANG PANATILIHIN ANG INYONG TAGAPAGLINGKOD NG PUBLIKO NA MATAPAT AT MAY PANANAGUTAN SA PINAGLILINGKURAN NILA.

UMAKIT NG MGA TRABAHO SAN DIEGO.

MGA PAGTAAS NG LAHAT NG SUWELDO AT PENSIYON PARA SA MGA INIHAHALAL NA OPISYAL AY NAG-AATAS NG BOTO NG MGA TAO!

WALANG MGA BAGONG BUWIS O BAYAD NANG WALANG BOTO NG MGA TAO!

MAGKALOOB NG MGA PANGUNAHING SERBISYO SA MGA MAMAMAYAN. HINDI MGA PAGTUSTOS SA MGA ESPESYAL NA INTERES.

KAPAG KAYO AY MATIPID, KAYO AY MAINGAT AT MATIYAGA SA PAGGAMIT NG MGA KAKAYAHAN. ISANG BAGAY NA GUSTO NATIN SA ATING MIYEMBRO NG KONSEHO.

KUNG ANG ISANG KANDIDATO AY GUMAGASTA NG MALALAKING HALAGA NG PERA NG IBANG MGA TAO UPANG MAIHALAL. MALAMANG NA GASTAHIN NIYA ANG INYONG DOLYAR NA BUWIS SA KAPAREHONG PARAAN.

KUNG NAKATANGGAP KA NG MENSAHE NG KANDIDATO AT GINAWA NIYA ITO NA MABISANG PAGGASTA. MALAMANG NA GASTAHIN NILA ANG MGA DOLYAR NA BUWIS SA KAPAREHONG PARAAN.

MAAARING HINDI MAKATOTOHANAN NA ASAHAN ANG ISANG MAGASTOS NA KANDIDATO NA BABALANSEHIN ANG BADYET NG LUNSOD.

ANG ISANG MATIPID NA KANDIDATO NA NAGHATID NG MENSAHE SA INYO AY MAAARING SIYANG KAILANGAN PARA SA TRABAHO.

ANG INYONG BOTO AY NAGPAPASIYA KUNG PAANO GAGASTAHIN ANG INYONG DOLYAR NA BUWIS.

HINIHINGI KO PO ANG INYONG BOTO. - LINCOLN PICKARD.

WWW.VOTEPICKARD.COM